# 1

Nagmamamadaling lumabas ng bahay si Zoe, late na late na siya sa pagpasok. Dali-dali niyang kinuha ang susi ng kanyang kotse at tinungo ang garahe nila. Sa isip ay sinisisi niya ang nagpauso ng Koreanovela. Hinintay pa kasi niya ang paborito niyang serye bago matulog. Kamalas-malasan namang kapag maganda ang telenovela inilalagay iyon sa huling timeslot kaya ngayon nagkukumahog siya sa pagpasok.

Hindi naman talaga siyang dapat magmadali, walang definite time ang pasok niya. Maaari siyang pumasok kahit anong oras niya gusto at ia-adjust na lang ang kanyang pag-uwi. Kumbaga, flexible time sila. Ang kaso, hindi siya sanay sa ganoon. Ayaw niyang late na umuwi dahil delikado ang panahon ngayon. Hindi niya gustong isang addict lang ang makikinabang ng kagandahan niya.

Napabuntong-hininga si Zoe nang malakas nang mag-time-in siya. 8:55 pa lang. Hindi pa siya late sa target niyang oras.

Pagpasok sa opisina ay hindi na siya nagulat nang abutan doon si Drake. Katabi niya ito ng cubicle at sa loob ng mahigit isang taon niya sa kompanyang

iyon, ni minsan ay hindi pa siya nito kinausap nang matagal. Kinakausap lang siya nito kung may kailangang iabot sa kanya o may ipinasasabi ang boss niya.

"Good morning," masiglang bati ni Zoe.

Bahagya lamang itong tumango at ibinalik ang tingin sa ginagawa.

"Guwapo ka sana kung hindi ka lang suplado," pabulong na sabi niya, pero nakangiti pa rin. Hindi siya nag-aalala na marinig nito dahil na naka-headset ito at mukhang todo ang volume ng sounds.

Sinulyapan niya ang board na nasa tabi nila. Doon nakasulat ang mga projects na kailangan nilang tapusin at lagyan ng subtitles.

Spotter/subtitler siya sa isang multi-media company. Nagustuhan niya ang trabahong iyon dahil nauuna siyang makapanood ng mga pelikula na ilalabas pa lamang dahil sila ang naglalagay ng subtitle niyon. At hindi rin naman pirated CD's and DVD's ang tinatrabaho nila.

Bukod pa nga iyon sa libreng Internet na ikinatutuwa ng halos lahat ng kaopisina niya, siyempre kasama na siya roon. Wala pa namang naka-assign para sa kanya kaya minabuti na muna

niyang i-off ang computer.

“Kailangan nating magtipid para sa ikauunlad ng ating kompanya, di ba?” nakangiting baling niya kay Drake kahit alam niyang hindi siya nito narinig.

Tumingin lang ito sa kanya; nakakunot ang noo. Ginantihan niya ito ng isang matamis na ngiti at tinanguan. Inayos muna niya ang kanyang mesa at mayamaya pa ay nakaramdam na siya ng antok.

“Hoy, Zoe.” Nagising siya dahil sa isang malakas na tapik sa kanyang braso.

“Ano ba, natutulog ang tao hindi mo ba nakikita?” sita niya kay Digna.

“Kita ko po kaya nga kita ginising. Gigisingin ba naman kita kung gising ka? Natural ang ginigising ’yung tulog,” pilosopong sagot nito. “Bakit ba parang puyat na puyat ka?” usisa pa ng kanyang kaibigan. Nasa kabilang side niya ito at kasabay niyang na-hire sa kompanya.

“Alam mo na ’yon. Bakit pa ba ako mapupuyat?”

“Sinabi ko naman sa ’yo, mag-boyfriend ka na lang at nang hindi ’yung mga Koreanovelas ang kinababaliwan mo,” anito.

“Kung may kagaya ba nila sa totoong buhay, why

not? Ako na mismo ang mamimikot sa kanila, sabay take home pa. For sure, matutuwa sina Mommy at Daddy; malamang bukas na bukas ay kasal na kami."

"Meron naman, ah." Pilyang ngumiti ito.

"Sino?" Luminga-linga pa si Zoe. "Nas'an? Ilabas mo na bilis at nang maiuwi na." Inilagay na lamang niya ang unan sa likod niya dahil alam niyang hindi na niya maitutuloy pa ang pagtulog sa pagdating nito. At kukulitin na naman siya tungkol sa lovelife.

"'Ayan." Pasimpleng ininguso ni Digna si Drake.

"'Yan? Kahit huwag na lang." Hindi na niya tiningnan ang binata dahil baka makahalata ito na ito ang pinag-uusapan nila.

Lumapit pa ang kaibigan upang hindi marinig ni Drake ang kanilang pinag-uusapan. "Bakit naman? Hindi mo ba napapansin, ibang-iba ang hitsura niya kaysa sa atin?" Sumulyap pa ito muli sa katabi niya sa kabilang panig.

"Ano nama'ng kaibahan niya? Special child ba 'yan?" nagtatakang tanong niya.

"Gaga! Hindi 'yon ang ibig kong sabihin. Tingnan mo siya, mukha siyang executive. 'Yung tipong mayaman."

Pasimpleng pinagmasdan ulit niya ang katabi. Tama ang kaibigan, mukha ngang hindi ito ordinaryong empleyado. Hindi miminsang narinig niya itong kausapin ng boss niya at hindi ito pahuhuli sa English. Fluent na fluent si Drake na tila iyon ang ginagamit nito sa pakikipag-usap sa bahay.

Nabigla si Zoe nang bigla itong lumingon; huling-huli nito ang pagtitig na ginagawa niya. Nagtatanong ang tingin nito. Napahiya namang ibinaling niya muli ang atensyon sa kausap.

"Eh, ano naman. Hindi ko pa rin siya type," mahinang aniya kahit alam niyang malabong marinig ng lalaki ang usapan nila.

"Ang sabihin mo, siya lang ang umisnab ng ganda mo. Hindi mo lang matanggap na ni hindi ka niya pinag-aksayahan ng laway kahit minsan," pang-aasar nito sa kanya.

"Hindi 'no! Ano naman kung hindi niya pansin ang ganda ko? Ise-save ko na lang ito sa pagpunta ko sa Korea. Malay mo may ma-meet pa akong kagaya nina *Prince Gian*, *Jumong*, *Ahmon*, *Hua Da*," isa-isa niya sa mga lalaking bida na mga napapanood niyang Koreanovelas.

"Ewan ko sa 'yo, mag-daydreaming ka na nga

diyan."

Umupo na nga ito sa puwesto nito at nagsimula na silang magtrabaho.

Ibinigay na ang project nila nang araw na iyon at hati sila ni Drake doon. Meaning, malamang maduguan iyon dahil dalawa lamang silang gagawa; tig-fifty minutes silang dalawa. Mukhang movie pa naman iyon.

Kinuha na niya ang matrix, iyon ang ginagawa nilang USB sa opisina. Kinopya niya ang kanyang project at saka ipinasa sa katabi.

"Ahm, Drake," untag niya rito. Nag-aalangan talaga siyang kausapin ito, mukha kasi itong laging seryoso.

"What?" wala namang bahid na iritasyong tanong nito.

"I just thought you might want to copy our project."

"Oh, yeah, sure. Thank you." Inabot nito ang matrix. Hindi inaasahang nahawakan nito ang kanyang kamay.

Bigla siyang nalito dahil sa sensasyong naramdaman nang magkadaop ang kanilang mga

balat. Ewan niya kung siya lang ang nakaramdam ng ganoon. Nang tingnan naman niya ang katrabaho ay mukhang hindi naman ito apektado.

Ipinagkibit-balikat na lang niya iyon at nagsimula nang magtrabaho.

“Anak naman ng tikpaklong na mga ’Kanong ’yan. Hindi ba nila alam na ang hirap-hirap maghabol sa mga sinasabi nila?” bulong niya.

Kanina pa siya bad trip sa ginagawa. Sobra kasing hirap ng natapat sa kanyang trabaho. Kailangan din kasi ang timing doon para eksakto sa shot ng camera ang subtitles. Dapat masundan ang cut marks, magta-truncate lamang sila kung kailangang-kailangan na talaga.

Tumayo muna siya at nag-inat-inat. Ipinasya niyang lumabas muna; baka kailangan niya lang lumanghap ng usok ng mga sasakyan para magkaroon ng gana.

Ilang sandali lang naman siya nanatili sa labas. Pagbalik niya sa upuan ay recharged na siya. Pumuwesto na siya at isinuot ang headset. Pinakikiramdaman niya ang katabi; mukhang madali lang dito ang project.

Nilingon niya ito. Laking gulat niya nang

mahuli niya itong nakatingin sa kanya. Bahagya siyang natulala dahil parang nakangiti ang binata. At talaga namang nakakawala ng katinuan ang ngiti nito, gaya ng sinabi ng kaibigan niya. Hindi lang ito guwapo, kundi napakaguwapo.

Ngunit tila hindi naman sa kanya nakangiti.

*Ewan! Ang weird talaga ng taong ito, special child nga yata*, gaya ng lihim na tawag ng mga officemates niya rito.

Nang araw na iyon, hindi maintindihan ni Zoe kung bakit kakaiba ang kanyang nararamdaman. Lagi siyang napapasulyap sa table ni Drake. At hindi miminsang nahuli niyang nakatingin din ito sa kanya. Ang siste, hindi niya natapos ang kanyang trabaho para sa araw na iyon.

Pagpatak ng alas sais ay niyaya na niya si Digna na mag-out. Sumasabay ito sa kanya para makatipid sa pamasahe.

AS USUAL, huli na namang umuwi si Drake. Inisa-isa niyang buksan ang mga files ng mga tauhan at kinuha ang mga natapos nang files ng quality control at projects ng mga spotter. Huli niyang binuksan ang PC ni Zoe; hindi nito natapos ang

naka-assign dito.

Napailing na lamang siya. Siguro ay balak nitong sa umaga na lamang tapusin ang ginagawa. Isa-shut down na dapat niya ang computer nang may mahagip ang kanyang paningin na isang folder, 'Picture ng Maganda' ang file name niyon. Nangahas siyang buksan iyon at natagpuan na napakaraming pictures ng dalaga ang naroon.

At hindi niya maitatanggi na napakaganda nito. Hugis-puso ang mukha ni Zoe, mahaba at mukhang natural ang pagkatuwid ng buhok nito, mas matangkad ito sa ordinaryong Pilipina. Mas mukha itong foreigner kaysa Filipina at talaga namang napakaganda ng mga mata. Hindi ordinaryo ang kulay niyong medyo asul. Kapag tinitingnan siya ng dalaga, pakiramdam niya ay nababasa nito ang mga iniisip niya at kayang arukin niyon ang mga kasalanang nagawa niya.

Alam niyang may-kaya ito sa buhay kaya hindi nakapagtataka kung bakit ganoon ito kaputi at kakinis.

Umabot ng halos one hundred twenty-one ang mga larawan ni Zoe at nangingiti siya habang kinokopya ang buong folder sa kanyang USB.

Kaninang natutulog ito at sa kanya ito nakabaling ay hindi niya napigilan na pagmasdan ang maamo nitong mukha. Sobra-sobra ang ginawa niyang pagpipigil na haplusin ang mukha nito. Kaya nga kahit alam niyang masama ang sobrang lakas ng tugtog sa tainga ay napalakas ang volume ng *Winamp* music player niya. Kung anu-ano kasi ang naiisip niya kapag naririnig ang boses ng katabi, maging ang maliliit na ingay na ginagawa nito.

Ang pamilya niya ang may-ari ng kompanyang iyon. Siya na dapat ang papalit sa kanyang ama sa pamamahala roon ngunit iba ang nangyari. Hindi siya nagpakilala bilang may-ari niyon; sa halip ay nagpanggap siyang isang simpleng empleyado lang doon. Hanggang ngayon, hindi pa niya alam kung anong virus ang pumasok sa kanyang kokote at ginawa niya iyon.

Nang matapos ang kanyang lihim na pag-e-explore sa mga pictures ng officemate ay may naisip siyang ideya. Maaari siyang ma-late bukas, and for the record, bukas lang siya papasok nang huli.

Hindi pa man siya nakapagsisimula sa binabalak ay tumunog na ang kanyang telepono. Sinagot niya iyon kaagad.

"Sinasabi ko na nga ba't nandiyan ka pa din sa

opisina. Baka hindi mo napapansin ang oras? Aba'y gabing-gabi na, nandiyan ka pa din."

"Dad, I'm finishing something and I need it by tomorrow." Alam niyang iyon na ang simula ng pagsesermon nito.

"Ngayon ko yata pinagsisihan na pinayagan kitang pamahalaan iyan. Not that I don't like the way you're handling the company; in fact, lalong tumaas ang income natin at dumami ang projects. But, son—"

"I know, Dad. Ilang beses ko na 'yang narinig. Akala ko ba gusto ninyong tumino ako? N'ung tumino naman ako, parang ayaw n'yo pa din."

Naalala niya ang kanyang buhay dati: Hindi siya seryoso sa buhay at puro nightlife ang alam niya. Doon kunsumido ang ama sa nightlife niya, sa mga girlfriends at adventures niya na pawang mga delikado.

"Oo nga. Masaya kaming tinigilan mo na 'yung dati mong buhay, but not to the point na nagpapakamatay ka naman sa pagtratrabaho. Mabuti na lang, maagang nakatulog ang Mommy mo. Kung hindi, mas lalo kang masesermunan n'on."

"Sige na, Dad, uuwi na din ako pagkatapos nito.

Kapag nagising si Mommy, sabihin mo na lang na nakauwi na ako para hindi na niya ako kulitin. 'Bye Dad."

"Siya, ikaw na nga ang bahala. Mukha namang hindi rin kita mapipigil sa gusto mo. Drive carefully, ha."

Nang maibaba ang telepono ay saka sinimulan ni Drake ang kanyang binabalak. Mukhang nahirapan ang dalaga sa project na ginagawa.

"Hay, bakit nga ba ang bilis-bilis namang magsalita ng natapat sa kanya?" mahinang bulong niya sa sarili. Kaya naman pala hindi natapos ni Zoe, talagang mahirap iyon. Hindi niya akalaing ganito ang unang part ng pelikula. Kung alam lang niya, sana ay nagpalit na lang sila ng dalaga.

Maaari niyang kausapin ang manager, through *Yahoo Messenger* nga lang para hindi malaman ng iba. Iyon ang means of communication nila sa opisina. Kahit sa mga empleyado niya ay hindi nila iyon ipinagbabawal, lalo na nga at wala naman talagang masyadong ginagawa. Ang importante ay magawa nito nang maayos ang nakatoka sa mga ito kapag may kailangan nang gawin.

Napasulyap siya sa wristwatch niya at napansing

mag-a-alas doce na pala. Halos madaliin na niya ang pagtapos sa ginagawa. Medyo namamanhid na rin at nangangalay ang kanyang mga kamay. Mukhang hindi siya makakapasok bukas nito.

Napabuntong-hininga si Drake.

Hindi siya sanay na hindi nakikita si Zoe. Kaya nga kapag Sabado at Linggo ay kulang na lang hilahin niya ang araw para lamang makapasok at makita ito.

Kinonswelo na lang niya ang sarili dahil nakopya niya naman ang pictures ng dalaga. Iyon na lang ang titingnan niya bukas maghapon.

Nakatapos na siya nang may biglang maalala. May lakad nga pala sila ng kanyang ina bukas. Naglambing ito na samahan niya ito sa art exhibit ng kaibigan nitong pintor. Mabilis niyang kinopya ang natapos na gawain at ipinadala iyon sa client nila.

# 2

"Good…."

Nabitin ang pagbati ni Zoe dahil kataka-takang siya pa lamang ang tao sa opisina.

Tiningnan niya ang relo at baka sobrang aga lamang niya, pero saktong alas nueve na. Mukhang naunahan niya si Drake ngayon.

Binuksan muna niya ang kanyang computer, pagkatapos ay inayos ang kanyang gamit sa ibabaw ng mesa. Malamang na hindi niya mabisita ang kanyang mga paboritong sites ngayong araw dahil kailangan niyang tapusin ang project na nabinbin kahapon.

Binuksan niya ang nagawa kahapon at inihanda ang sarili sa pakikibaka sa paghahabol sa pagsasalita ng mga 'Kano.

Ganoon na lang ang gulat niya nang makitang tapos na ito; as in pulidong-pulido at mukhang mas nag-improve pa nga ito.

*Sino naman kaya'ng tatapos nito?* Si Digna lang ang nagtitiyagang magtapos ng mga gawa niya at

hindi iyon gagawin ng kaibigan, dahil bukod sa sabay silang umuwi kahapon, alam nitong papasok siya ngayong araw.

Nagkibit-balikat na lamang si Zoe. Kung sino man ang mabait na gumawa niyon para sa kanya, salamat nang marami.

Pero hindi pa rin siya mapakali hangga't hindi nalalaman.

Mayamaya pa ay nagsidatingan na ang mga kasamahan niya; para namang walang nagbago sa mga ito. Ganoon pa rin, deadma sa isa't isa. Sino naman kaya ang mangangahas na galawin ang ginagawa niya samantalang mga tamad din na kagaya niya ang kanyang kasamahan? Sa 'extra curricular activities' lang sila masipag lahat—meaning ang pagsilip sa kanilang *Multiply*, *Friendster* at kung anu-ano pang magagawa sa Internet. Sa lunch break na lang niya uusisain ang mga ito.

"Digna, sabay naman tayo kahapon, di ba? Palagay mo sino'ng nakialam ng computer ko?" Ito ang huli niyang tinanong.

"Aba, malay ko sa 'yo. Alangan namang ako, magkasabay tayong umuwi kahapon. Isang tao na lang naman ang hindi mo pa natatanong, di ba?"

"Hindi nga siya pumasok ngayon. Paano ko naman tatanungin 'yon?" Si Drake ang tinutukoy ng kaibigan. Ngayon lang ito um-absent sa trabaho. Inakala niya, kanina na late lang ito, pero lunch time na ay wala pa rin ito. "Palagay mo, Digna, bakit kaya siya absent?"

"Ewan ko. Tanong mo sa kanya bukas pag pumasok siya. Teka nga, bakit ka concerned? S'abi ko na nga ba, type mo din si Drake. Kunwari ka pa."

"Ano ba, baka may makarinig sa 'yo, makarating pa sa kanya. Nakakahiya."

Pero kanina pa nga niya iniisip kung bakit kaya hindi nakapasok ang binata. Hindi kaya nagkasakit ito? Sayang, ngayon lang siya nagbalak kausapin ito. Di bale, bukas na lamang niya ito tatanungin. *Magawa ko naman kaya?*

NAGPASYA si Zoe na magdaan muna sa mall nang araw na iyon para naman makapag-relax. Nitong nagdaang mga araw kasi hindi na siya mapakali sa kanyang ginagawa. Lagi na lamang siyang may hinahanap at tinatamad magtrabaho.

Naglakad-lakad siya, halos lahat na nga yata ng puwedeng puntahan na stall ay napuntahan na

niya, pati mga demos ay pinatulan na niya. Abala siya sa pagkutingting ng mga tsinelas, balak niyang bumili ng para sa kanyang sarili at sa kanyang ina.

"Hmm. Mukha naman akong sapin-sapin nito. 'Eto naman, nagmumukhang gremlin na natipus 'yung paa ko. Miss, sa palagay mo alin ang mas bagay?" for the nth time ay tanong niya sa saleslady. Kung binabayaran lamang ito kada sagot sa kanya, malamang mayaman na ito ngayon.

"I think green really compliments your feet."

Pareho pa silang nagulat ng saleslady nang may biglang nagsalita mula sa likuran niya.

Marahang nilingon iyon ni Zoe. Parang nag-slow motion ang lahat para sa kanya nang makita si Drake, nakangiti sa kanya. Napakasimpatiko nitong tingnan kahit sa simpleng t-shirt at cargo pants na suot. Yet he looked totally refreshing. Nahalata rin niyang pati ang saleslady na kaharap niya ay bahagyang natulala sa nakita.

"Ha?" parang ewan na tanging nasabi niya.

"Sabi ko, mas maganda sa paa mo 'yung green kaysa sa yellow." Nakangiti pa rin ito.

"Ah, pare-pareho kasi silang magaganda."

Bahagya siyang sumulyap sa salamin sa gilid niya; bigla siyang na-conscious sa hitsura niya. Galing pa siyang opisina kaya parang nag-aalangan siyang dumikit sa binata. “Hindi ka yata nakapasok kanina?” kaswal na usisa niya.

Inabala niya ang sarili sa pagtingin sa mga nakahanay pang tsinelas para hindi nito mapansin ang bahagya niyang pagkatensyon.

“Nagkaroon kasi ako ng biglaang lakad.”

“Ah.” Wala na siyang ibang maiisip na sabihin. Hindi niya alam kung bakit natatameme siya sa tuwing ngingiti ito sa kanya. “Eto na ’yung kukunin ko, Miss. Saka ’yung isang pink,” baling niya sa mabait na saleslady.

“Let me.” Kinuha ni Drake sa kanya ang mga tsinelas at sinamahan siyang pumila sa cashier. “I thought hindi ka nagpi-pink.”

“Ha?” Gusto na niyang mainis sa sarili. Bakit ba siya nawawalan ng sasabihin? Siguro dahil hindi siya sanay na kinakausap ng lalaki. Bihirang-bihira nga siya nitong masulyapan man lang sa opisina.

Puwede ring dahil sa sobrang kaguwapuhan nito…

"I only thought you don't like pink. Hindi pa kita nakitang pumasok sa office nang naka-pink."

Nabigla siya roon. Pinapansin ba nito ang kulay ng suot niya araw-araw? "Sa mommy ko 'yang pink, medyo may pagkakikay 'yun, eh."

Tumangu-tango lang ito. At ilang minuto silang natahimik habang nagbabayad sa counter.

"Ako na magdadala, may pupuntahan ka pa yata, eh." Inabot ni Zoe mula rito ang plastic bag matapos iyong bayaran.

Iniiwas nito ang bitbit. "Okay lang. Pauwi na rin naman ako. Nagpalamig-lamig lang ako kaya ako sumaglit dito. Ikaw?"

"Pauuwi na din." Tumahimik na lamang siya dahil wala na siyang ibang maisip na sasabihin. Nahihiya naman siyang tanungin ito tungkol sa project niyang may ibang tumapos. Bakit naman iyon gagawin ng lalaki, eh, hindi nga sila close?

Pero napansin nitong hindi siya nagsusuot ng pink?

Weird.

"Dito na ako," aniya nang makalabas ng department store. Muli niyang inabot ang plastic

bag ng mga binili niya, pero muli iyong iniiwas ng lalaki. “Nakakahiya naman sa ’yo. Tinulungan mo na nga akong mag-decide kung anong kulay ’yung dapat kong bilhin, pinagbitbit pa kita.”

“Okay lang ’yun. Ikaw pa, malakas ka sa ’kin.”

Tuluyan na siyang napatingin dito. Kinakailangan niyang tumingala nang bahagya dahil may katangkaran ito. She really found it weird na binibiro siya ng supladong ito.

“Anyway, saan ka nga pala umuuwi? Ihahatid na kita,” kaswal na sabi nito.

“Naku, huwag na. Malapit lang naman ’yung bahay namin dito at saka may dala naman akong sasakyan.” Tono lang niya ang kaswal, pero sa loob ng dibdib niya ay parang dumadagundong.

“Saan ba naka-park ’yung kotse mo?” tanong nito.

“Ha?”

Ngumiti ito. “You know you’re really cute when you do that.”

“Ang alin?”

“’Yung pag-haha mo. You’re cute.”

"Ay, cute lang. Akala ko pa naman beautiful na. Pero okay na din kaysa *achimos*."

"*Eisai omorfi*."

"You know how to speak Greek?" Gulat na gulat siya. Maganda raw siya, ayon dito.

"A little. Ikaw s'an ka natutong magsalita ng Greek?"

"Sa father ko. Half-Greek siya, so medyo marunong ako ng language niya, but I'm not that fluent."

Sa puntong iyon ay parang bulang nawala ang pagkailang ni Zoe sa kaopisina. She started to relax in his company.

"'Yung parents ko, pareho silang matatas mag-Greek," kuwento pa niya. "Kapag nga may tampuhan sila, in Greek sila mag-usap. Siguro para di ko maintindihan 'yung pinag-uusapan nila."

Bigla itong huminto sa paglalakad at marahang hinawakan ang kamay niya. Ewan niya kung guni-guni lang niya iyon, pero may naramdaman siyang parang kuryenteng nag-connect sa kanilang dalawa katulad noong magkadaop ang kanilang mga palad sa opisina.

“Medyo maaga pa naman. Would you mind if I invite you to dinner? Tutal naman eight na.”

Hindi siya maka-oo rito kahit nag-aalangan siyang tanggihan ito. Pero magtatampo ang kanyang ina kapag hindi siya sa bahay naghapunan. Full-time housewife na ang ginang na dating stewardess. Doon nito nakilala ang kanyang ama and the rest was history.

“Ano kasi, how should I put it…” Sandali siyang nag-isip. Ipinaliwanag niya sa lalaki ang sitwasyon. “Why don’t you join us na lang? Sa amin ka na mag-dinner,” aya niya rito.

“Sure kang okay lang sa parents mo? I mean, wala man lang akong abiso na pupunta ako sa inyo at makikikain na lang basta.” Mukhang nag-aalinlangan ito.

“It’s okay, I assure you.” Siguradong-sigurado si Zoe roon. “Baka nga di ka na paalisin ng mga ’yon, eh,” pabulong pa niyang dugtong.

“Are you saying something?” untag ni Drake.

“Ha?” She saw him smile upon hearing her say that word. “Ah, wala. Wala. Halika na.”

# 3

"'Yung gate na green 'yung sa amin," turo ni Zoe kay Drake.

Ito ang nagmaneho ng sasakyan niya at ang kotse nito ay iniwan na lang sa parking lot ng mall.

Hindi siya nainip sa biyahe. Bukod sa ilang minuto lang naman silang nagbiyahe, masarap kausap ang binata. At hindi niya iyon inasahan.

Hindi niya akalaing capable itong makipag-usap nang ganoon. Their conversation was full of humor. And this soon, she was actually starting to like him.

Not bad. Sa isiping iyon ay napangiti siya.

"Hey, what are you smiling at?" tanong nito. Kasalukuyang pumapasok na sila sa bakuran nila noon. Si Yaya Seding niya, na halatang nagulat at natuwa, ang nagbukas ng gate para sa kanila.

"Your house is cute," komento ng kasama.

"My dad designed it," proud na aniya.

Ang bahay nila ang itinuturing niyang may pinaka-unique na style sa subdivision nila. Nakaarko

ang bubong nito at ang mga punong nasa paligid nito ay may treehouse—as in bawat puno.

Ang gusto talaga ng ama ay isang malaking pamilya. Pero dahil sobrang nahirapan ang mommy niya sa panganganak sa kanya, hindi na ito nangulit pa ng mas maraming anak.

"At 'yang garden, 'yan naman ang hobby ng mom ko."

"Mukhang well-off naman kayo, bakit nagtratrabaho ka pa?" usisa ni Drake. Inihinto nito ang sasakyan at bumababa. Umikot ito sa side niya at ipinagbukas siya ng pinto.

*Hmm, gentleman. Another pogi point…*

"Thank you." Umibis siya mula sa sasakyan. "Wala din naman akong gagawin kung hindi ako magtatrabaho. Ayoko namang tumambay lang, ano. Saka iba pa rin 'yung mayroon akong sarili kong achievement, di ba?"

Tumango lang ito.

Hindi pa man sila nakakalapit sa pintuan ay nakita na niya ang kanyang mga magulang na sina Apollo at Josephine, papalapit sa kanila. Nakaakbay ang ama sa kanyang ina at nanunuksong nakangiti

sa kanya. Alam niyang pagkaalis ni Drake mamaya ay uulanin siya ng tanong ng mga ito. Or worse, baka hindi na sila magkatulugan kapag nagkuwentuhan sila.

Pinakilala niya ang binata sa mga magulang and vice versa.

"Francis Drake Quintin po," anang lalaki sabay lahad ng palad sa mag-asawa.

Si Zoe naman ay nabigla dahil noon lang niya narinig ang buo nitong pangalan.

Inabot ng ginoo ang kamay nito. "I'm glad na in-invite ka nitong dalaga namin. May pagkatamad kasi ito minsan. Minsan lang lumabas kaya tuloy walang nakaka-interact na mga kaibigan."

Pinandilatan niya ang ama. Hindi niya alam kung matutuwa ba siya o magagalit sa pambubuking nito sa kanya. Nais sana niya itong pasimpleng pagsabihan in Greek, kaya lang mukhang mas fluent sa lengguwaheng iyon ang bisita niya kaysa sa kanya. Pinili na lamang niyang tumahimik at ngitian ang dalawa. Panalangin niyang sana ay makuha sa tingin ang mga ito.

Nagyayaan na sila patungo sa dining room. Habang naghahapunan, panay ang tanong ng

ama sa bisita, na para bang manliligaw niya ito na kailangang kaliskisan.

Hiyang-hiya si Zoe kay Drake, pero parang wala namang kaso sa binata ang 'interrogation' na iyon. Magalang at mapagpakumbaba nitong sinagot ang mga pang-uusisa ng mga magulang niya. At natutuwa rin siyang malaman ang mga bagay tungkol sa officemate. Mahigit isang taon niya itong kapit-cubicle ngunit wala siyang alam tungkol dito bukod sa first name nito. At tama pala ang hula nila, may-kaya nga ang pamilyang pinagmulan ni Drake. Nabanggit nitong may negosyo ang pamilya nito, kung saan tumutulong din ito.

Sa isang bahagi ng kuwentuhan, bumaling ang kanyang ama sa mommy niya at sinabing, "*Ftanei*" na ang ibig sabihin ay 'That will do.'

Bago kung ano pa ang sabihin nito at ibuko ang mga sarili na talagang kinakaliskisan nito ang bisita niya, inimporma na ni Zoe ang mga magulang na marunong magsalita si Drake ng Greek.

"Really, hijo?" Alam niyang nagsisimula nang ma-impress ang kanyang daddy sa binata, base sa reaksyon nitong iyon.

"Kaunti lang naman po. I learned it from my

mom. Mahilig po kasi siyang mag-travel before at fascinated siya sa Greece and its culture. I guess, naipasa niya po sa 'kin 'yun."

Dahil doon, matapos ang hapunan nila ay hindi na ito pinakawalan ng ama. Nagkuwentuhan ang mga ito na parang matagal nang magkakilala.

Kung hindi nga lang inaalala ni Apollo na pare-pareho silang may pasok kinabukasan ay malamang abutin ng umaga ang usapang iyon. Magkasundong-magkasundo ang dalawang lalaki, kahit noon lang nagkakilala.

"Pasensya ka na kay Daddy. Ginabi ka na tuloy," hinging-paumanhin ni Zoe sa binata nang ihatid niya ito sa labas ng gate.

"Okay lang, nag-enjoy naman akong kausap siya. May pagkakapareho nga sila ng daddy ko."

"Mag-taxi ka na lang kaya? Masyado ka nang gagabihin kung babalikan mo pa 'yung kotse mo sa parking lot ng mall," suhestyon niya. Ayaw niyang magmukhang masyadong nag-aalala rito kaya agad niyang idinugtong, "Nakakahiya naman kung masyado ka nang late uuwi niyan, masyado na kitang naabala. Magi-guilty ako kapag nagkataon."

"Okay lang 'yun. At least, nagkaroon ako ng

chance na makasama ka," saad ni Drake sabay para sa paparating na taxi.

Natigilan siya nang ilang sandali at dahil doon, nakasakay na ang lalaki sa taxi bago siya natauhan. Nawalan siya ng pagkakataon para magtanong tungkol sa huling sinabi nito.

Bago lumagpas ang taxi sa kanyang harapan ay kumindat pa si Drake sa kanya. Agad na nagwala ang abnormal niyang puso nang makita iyon.

Ilang sandali muna niyang ninamnam ang kindat na iyon at mayamaya pa ay tumalikod na siya para pumasok ng bahay. Nawala sa isip niya na may gutter nga pala muna sa gate nila at dahil naglalakbay ang isip ay hindi niya rin iyon napansin. Bahagya pa siyang napahalik sa lupa dahil sa pagkakatalisod doon.

*Anak naman ng pating. Ang hirap pala ng kinikilig, nawawala sa katinuan. Ano ba naman 'yan, mauunahan pa yata ng sementong ito ang Drake ko na maka-first kiss sa akin.* But when she realized what she said ay muli siyang natigilan. *Hala, Drake ko? Ano ba naman—*

May sasabihin pa sana siya nang may bigla namang may nakasipa sa kanya. Nagsusunud-sunod

yata ang kamalasan niya nang gabing iyon, nawala lang sa tabi niya ang binata sandali.

"Ay, kabayo!" ani Yaya Seding. May hawak itong plastic ng basura. "O, anak, bakit naman diyan ka sa lapag nagpapahinga? Nagsasawa ka na ba sa bahay natin kaya humahanap ka ng bagong trip?"

"Yaya naman, nang-aasar pa. Nasubsob lang po ako dito." Pagkasabi niyon ay tumayo na si Zoe. Kinuha niya ang isang plastic ng basura dito at tinulungan na itong magtapon.

"Mukhang gusto ng daddy mo 'yung binatang kasama mo. Nanliligaw ba 'yun sa 'yo?" usisa ng babae.

"Hindi po. Actually, nagkita lang talaga kami sa mall nang hindi sinasadya." Inilahad niya rito ang mga nangyari.

"Hindi kaya nakatadhana kayo, hija?" pang-aalaska nito sa kanya.

"Hindi ko alam na naniniwala din pala kayo sa destiny, Yaya," ganting biro niya. Nasa cuarenta na rin kasi ang edad nito, pero parang wala nang balak na mag-asawa.

"Oy, bata ka, huwag mong ilipat sa akin ang

usapan. Mukha namang may gusto ang isang 'yon sa 'yo. Kung ako sa 'yo, hija, kapag nanligaw siya sa 'yo, huwag ka nang magdalawang-isip na sagutin. Mahirap na kapag pinakawalan mo siya. Malay mo, siya pala ang nakalaan para sa 'yo."

Hindi na niya ito sinagot, alam na ni Zoe ang patutunguhan kapag nagsimula na si Yaya Seding ng ganoong litanya—ang walang kamatayang love story nito na sa kasamaang palad ay bigo. Pero sinabi nga nito, hindi na raw masama dahil naranasan nitong umibig kahit paano.

"Halika na ngang bata ka sa loob. Kung anu-anong agiw tuloy ang pumapasok diyan sa utak mo. Kaya siguro pati 'yang semento ay sinasamba mo." Magkasunod na silang pumasok sa loob ng bahay.

Hindi niya maintindihan, pero masaya siya nang araw na iyon. Marahil iyon ang hinahanap niya kaya nitong mga nakaraang araw ay restless siya.

HABANG SAKAY ng taxi ay hindi maiwasan ni Drake ang mapangiti habang inaalala ang mga nangyari nang araw na iyon.

Pagpasok pa lang ni Zoe sa mall ay nakita na niya ito. Ewan ba niya kung bakit parang may

sariling isip ang kanyang mga mata na lumingon sa entrance ng mall nang saglit na papasok ito.

Simpleng-simple lang ang ayos ng dalaga: naka-jeans ito at itim na blouse. Yet, she looked so beautiful. Sa katunayan, marami-rami itong nakakasalubong na hindi maiwasang mag-second look sa dalaga. She could really carry herself well kahit sa simpleng mga damit lang. Palihim niya itong sinundan hanggang sa magtagal nga ito sa footwear section at nahirapang pumili ng flip flops. Nakailang beses siyang nag-isip kung lalapitan ba niya ito o hindi. Alam niya nang mismong segundo na lapitan niya ito na may magbabago sa kanila.

Ganoon na lamang ang ngiti niya dahil maganda ang ibinunga ng desisyon na iyon. Matagal niya itong nakasama, nakausap, natitigan. Nakilala pa niya ang mga magulang ng babae.

"Good evening, Ma. Why are you still awake? It's late." Humalik siya sa pisngi ng ina.

"I can't sleep. 'Yung daddy mo kasi, sobra na namang lakas maghilik. Naunahan ako sa pagtulog," paliwanag ng ginang na ikinatawa niya. Dapat kasi maunahan nitong matulog ang daddy niya dahil nga naghihilik ang ama at mahihirapan na itong gumawa ng tulog.

"Mukhang masaya ka," komento ng ina. "Did something happen?"

Napangiti siya. "You really know me that much, huh?"

"Of course, you are my son. So what happened?"

"Saka ko na lang ikukuwento sa inyo kapag may improvement na," pa-suspense niyang sagot.

"Does the girl in the picture has something to do with it?" Ang tinutukoy nito ay ang malaking frame ng mga larawan ni Zoe sa kanyang silid. Pagkauwi niya nang gabing kinopya niya ang folder ng pictures nito, he printed them all. At tutal kaunting oras na lang ang kanyang hihintayin at aalis na din sila ng ina, inilagay niya sa isang frame ang mga larawan at ipinuwesto iyon sa kanyang study table.

"And when did you start sneaking into my room?" tanong niya bagaman hindi galit.

"I'm just curious dahil nabanggit ni Manang na may maganda ka raw na girlfriend."

"Yeah, she's really beautiful," sang-ayon ni Draje at parang nai-imagine pa niya ang hitsura ni Zoe nang mga sandaling iyon. "I think you should get some sleep, Ma. Masyado na kayong mapupuyat

niyan."

"I will. Sabay na lang din tayong umakyat."

SA LOOB ng kanyang silid ay malayang pinagmamasdan ni Drake ang larawan ng dalaga. Kahit yata buong maghapon niyang tingnan ang larawan nito ay hindi siya magsasawa. Kapag nga nasa opisina sila at hindi nito napapansin ay palihim niya itong pinagmamasdan. Gustung-gusto niyang panoorin ang pagbabago-bago nito ng facial expression.

Lumapit siya sa study table at tinitigan ang larawan ng dalaga.

Bumuntong-hininga siya. "Ano ba'ng ipinakain mo sa akin?" mahinang kausap niya sa picture.

Hindi niya tuloy alam kung paano aayusin ang mga bagay-bagay sa buhay niya.

# 4

Masayang pumasok si Zoe sa opisina nang araw na iyon. Suot niya ang kanyang bagong biling flipflops. Wala silang dress code kaya malaya silang isuot ang gusto nila. Ayon sa mommy niya bago siya umalis, she looked refreshing daw. She was wearing black skirt na hanggang kalahati ng hita niya and a green short-sleeved blouse. Nagsabit siya sa kanyang leeg ng black malong at ang green slippers na pinili ni Drake ang pangyapak niya.

"Good morning," bati niya kahit nasa pintuan pa lang siya. Hindi yata kompleto ang araw niya kapag hindi siya nakabati niyon. Nagtuluy-tuloy siya sa kanyang mesa. As usual, nandoon na ang binata. Binati niya ito, "Good morning."

"Good morning din." Hindi siya nito agad tiningnan dahil mukhang abala sa kung anong ginagawa sa computer. Paglingon sa kanya nito ay nabanaag niya sa mga mata nito ang paghanga sa kanya. Pero mayamaya pa ay kumunot ang noo nito at ibinalik sa monitor ang paningin.

Hindi ba nito gusto ang outfit niya? May mali ba sa suot niya?

“Green really suits you. Lalo kang pumuputi,” sabi nito bagaman hindi nakatingin sa kanya.

“Thank you.” Kahit medyo disappointed ay natuwa na rin si Zoe. Kaya lang, inakala niyang matapos ang mga nangyari nang nakaraang gabi ay okay na sila. Meaning, hindi na sila iyong tipong stranger sa isa’t isa at kagaya kahapon ang pag-uusap nila.

“Hmph! Sige, kumbinsihin mo pa ako na isa ka talagang special child,” naiinis na bulong niya sa sarili habang tinutungo ang ladies’ room. Nag-retouch muna siya sa loob niyon at ilang sandali pa ay lumabas na rin.

Nakita niyang wala pa siyang project kaya naisip niyang i-review na lang ang mga nagdaang files niya para mas maging efficient pa siya.

Abala siya sa panonood ng isang downloaded movie nang may mag-pop up na message sa computer niya. Isang *YM message*, galing sa kanyang katabing si Drake.

“You look so beautiful,” according to his message.

Pasimpleng sinulyapan niya ito. Blangko ang expression nito, as usual.

Nag-type siya ng reply. *"Thank you."*

*"But I don't think wearing that skirt is a good idea."*

Napakunot ang noo niya. Sandaling nag-isip siya kung bakit nito nasabi iyon, hindi naman bawal sa opisina nila ang ganoon so walang boss na magagalit.

"Why?" tanong niya.

"You're going to attract stares from a lot of men. Good thing you have a car."

Natawa na si Zoe. Iniisip niyang company rules ang dahilan nito, iyon pala ay nag-aalala lamang ito para sa kanya. Really sweet.

May naiisip siyang kapilyahan kaya nakangiti siya nang mag-type ng reply rito.

*"What if I tell you I didn't bring my car today?"* Nag-tap pa siya sa kanyang table habang naghihintay ng sagot mula rito.

"I'll give you a lift. At sisiguruhin kong hindi ka makakapag-commute." Hindi niya inaasahan ang reaction nito.

*"No, it's okay. Dala ko naman ang car ko."*

*"I insist. Ihahatid na kita."*

Napatingin na talaga siya rito sa mga sinabi nito. Nakatitig ito sa kanya.

"Are you serious?" tanong niya rito.

"Very much."

Nagkibit-balikat si Zoe. "Ikaw ang bahala," sagot niya kasabay ng pagdiriwang ng puso niya.

"So, does it mean na 'oo' ang sagot mo?"

"O bakit parang hindi ka na sigurado ngayon?" Natatawa na talaga siya. Mabuti na lang at sila pa lamang ang tao roon. Kung hindi ay siguradong tampulan na sila ng tukso. Noon pa man kasi ay pinagpapareha na sila ng kanilang mga officemates.

"Okay. That made my day." Isinuot ni Drake ang headset.

Oh, my God! Ito naman po sila sa mga out-of-nowhere na hirit nito. Nasosobrahan na yata ito sa radiation ng computer kaya kung ano-anu ang nasasabi.

Bumaling na siya sa kanyang computer at binuksan ang mga nakaraang files at ito naman ay nagpatuloy na rin sa pagiging busy nito.

DAHIL NATAPAT na araw ng suweldo ay nagpasya silang magkakaopisina na mag-lunch out. Kapag ganoon ay mga ilang oras sila sa labas na okay lang naman sa mga managers nila.

"Mukhang blooming ka, Zoe. Mayroon ba akong dapat malaman?" tukso ni Digna nang lapitan siya at ayaing mag-retouch sila sa ladies' room bilang paghahanda sa pag-lunch out. Bukod sa kanyang mga magulang ay isa pa itong atat na magka-boyfriend siya.

"Paano mo naman nasabi, wala namang nagbago sa akin," tanggi niya.

"'Oy, Zoe, hindi ako ipinanganak kahapon. At bakit ka nakapalda ngayon, aber?"

"Wala naman, feel ko lang. Hindi ba bagay?" Na-conscious siyang bigla kaya tinanong niya ito.

"Bagay na bagay nga sa 'yo. In fact, kung ako ang may ganyan kagandang legs, kiber, araw-araw akong magpapalda at aakitin ko ang lahat ng Adan sa mundo. Including 'yung autistic na 'yan." Itinuro nito si Drake na walang kamuwang-muwang na pinagtsitsismisan na naman nila.

Nagdesisyon siyang magtapat dito. "Actually, siya nga ang pumili ng suot kong slippers ngayon."

Mukhang magre-react ang kaibigan kaya inunahan na niya ito. “Hindi kami nag-date. Nagkita lang kami nang di-sinasadya sa mall. At ’yun, siya nga ang pumili ng slippers na ’to dahil nahihirapan akong mamili.”

“Oh!” eksaheradong reaksyon nito.

Nang matapos mag-ayos ay bumalik silang dalawa sa table para kuhanin ang kanilang mga wallet at i-close ang mga computers.

“Drake, gusto mong sumamang mag-lunch out sa amin?” tanong ni Digna sa kanyang katabi. Kahit kailan talaga, intrimitida ang kanyang kaibigan.

“Kung okay lang sa ibang kasama ninyo, why not?” nakangiting tugon nito.

Halatang kinilig ang kaibigan niya sa smile na iyon ng binata. And Zoe was wondering kung ano nga ba ang mayroon sa ngiting iyon at kahit yata ang pinakasupladang babae sa mundo ay kikiligin kapag iyon ang nakita.

“Guys, you wouldn’t mind kung kasama natin si Drake, di ba?” baling ni Digna sa officemates nila para makumbinsi ang lalaking sumama sa kanila.

“Oo naman, walang problema. The more,

the merrier," mabilis na sagot isang bading na kasamahan.

"See? Tara na," anang kaibigan pagkabaling muli sa lalaki.

"Okay." Nag-shut down ito ng computer at sumabay na nga sa kanila. Pinagbuksan pa sila nito ng pinto; kinindatan naman siya ni Digna na alam niyang paraan nito para manukso.

Kagaya ng madalas nilang dilemma, hindi nila alam kung saan sila kakain. Maraming suggestions ang grupo, pero sa bandang huli ay sa *Shakey's* sa malapit na madalas nilang kainan sila muling bumagsak. Dahil pare-pareho nang mga gutom ay nag-uunahan ang mga kasama na makaorder. Hinayaan na muna niya ang mga itong umorder dahil naaawa na siya sa waiter na nalilito kung alin ang uunahing ilista.

"What do you want?" Nagulat siya nang biglang iabot sa kanya ni Drake ang menu list.

"Okay lang ako. Mauna ka na," naiilang na aniya.

"Sige na," pilit nito.

Wala siyang nagawa kundi ibigay ang orders

niya sa waiter. Um-order na rin ito kagaya ng sa kanya at dinagdagan lang ng salad.

*"Efcharisto,"* aniya rito na ang ibig sabihin ay thank you.

*"Parakalo,"* turan nito; a hint of a smile forming at the corner of his lips.

Hindi niya alam na ang mga damuho niyang officemates ay nakatingin sa kanila at pinapanood na sila na parang nanood lang ng palabas sa T.V.

"'Oy, bawal mag-alien talk dito," sigaw ni Xandra na 'Alexander' talaga ang tunay na pangalan. Naligaw raw ito sa katawan ng Adan, pero ayon dito ay isa raw itong Eba.

"Anong alien talk?" takang tanong ni Drake.

"'Yun ang tawag namin sa mga hindi normal magsalita," Zoe explained.

Nagkibit-balikat lang ito. "Hindi ka ba nila naririnig magsalita ng ibang lengguwahe?" pabulong na tanong nito mayamaya sa kanya.

"Hindi pa. Hindi naman nila alam na may lahi akong Greek, eh. Ayokong ipaalam," pabulong ding sagot niya.

"Bakit sa akin ipinaalam mo?"

"Correction, hindi ko pinaalam sa 'yo, ikaw ang naka-discover. Malay ko bang marunong ka din n'on," pakli niya. "Makapag-aral nga ng Dutch at nang hindi mo ako maiintindihan," biro ni Zoe.

"Well, mag-aaral din ako. Fast learner naman ako." Kanina pa niya napapansin na kulang na lang ay ibigay nito sa kanya ang tablecloth at iharang sa kanyang binti. "Damn," narinig niyang bulong nito.

Tumingin siya rito at napansin niyang iritado ito sa grupo ng mga lalaking nasa bandang likuran nila. Mukhang hindi gagawa ng maganda ang mga ito kahit pa disente namang magsipanamit.

Hindi na siguro nakatiis si Drake kaya binulungan siya, "Magpalit tayo ng puwesto."

Hindi na siya nakipagtalo at nakipagpalit na lamang ng puwesto.

"Sa uulitin, huwag ka na uling magsusuot ng ganyan ha, please lang."

Hindi niya alam kung anong persuading powers mayroon ito kaya napa-oo siya. *"Nai."*

Ngumiti lang ito at bahagyang iniharang ang upuan para matakpan ang kanyang mga binti.

Matiwasay na natapos ang lunch na iyon at kagaya rin ng dati, hindi muna sila tumayo at nagkuwentuhan muna. Mayamaya pa ay kinawayan na ni Xandra ang waiter para kuhanin ang bill nila. Kanya-kanyang compute at labas ng pera ang mga ito.

"Ako na lang ang magbabayad." Lahat ay napatingin kay Drake nang sabihin nito iyon. Hindi biro ang mga kinain nila kaya alam niyang may kabigatan iyon sa bulsa.

"Sure ka?" tanong ni Xandra rito na sinagot nito ng tango bilang assurance. "'Ay, naku, kung alam ko lang na ikaw ang magbabayad, dinamihan ko sana ang order," biro pa ng binabae.

"Ang sarap mo namang kasabay mag-lunch. Sana pala matagal ka na naming niyaya," banat naman ni Digna.

Sinulyapan siya ng binata at ngumiti.

"Kinikilig naman ako. Makahanap na nga din ng papa." Maarteng pumilantik pa ang mga daliri ni Xandra sa harap nila.

"PUWEDE mo na akong hindi ihatid," tanggi ni Zoe nang magpumilit si Drake na ihatid siya matapos

ang office hours.

"Basta ihahatid kita. May date ka siguro, ano?" tudyo nito.

"If you're fishing for information kung may boyfriend na ako, well, I guess para hindi ka na mahirapang magtanong ay sasabihin ko na. Wala akong boyfriend." Si Zoe man ay nagtaka kung saan siya kumuha ng lakas ng loob para sabihin iyon. Ang akala nga niya ay patuloy lang siyang matuturete kapag kaharap ito.

"Mas lalo palang dapat na ihatid kita."

"Bakit naman?"

"Baka maunahan ako ng iba na ihatid ka, ang ganda mo pa naman ngayon." Iginiya siya nito palabas ng elavator papuntang parking lot ng opisina nila.

"Hoy, dati na akong maganda, ano. Anong ngayon lang? Tulak kita diyan, eh."

Isang malutong na tawa ang pinakawalan nito. "Bayolente ka pala."

Siya man ay naaaliw sa conversation nila. Hindi nga niya namalayang pinagmamasdan na pala niya ito. His laughter really brought joy to her heart.

Ang akala niya ay corny ang kaibigan nang sabihin nitong ang isang ngiti mula sa isang minamamahal ay magdudulot ng lubos na kaligayahan sa isang tao.

"Hala, mukhang nagiging poet na ako nito. Ang lalalim na ng iniisip ko," mahinang aniya sabay kiling ng ulo.

"Sinabi ko na nga ba, hindi talaga magandang impluwensya ang trabaho natin," komento ni Drake. Ipinagbukas siya nito ng kotse. "Kotse mo na lang ulit ang gamitin natin ha, mahirap na kung ikaw ang mag-commute bukas pagpasok sa opisina."

"Okay lang, nabuksan mo na nga ang pinto, di ba?" Lumulan siya sa sasakyan at ito naman ay umikot sa driver's side. "Anong masamang impluwensya ang sinasabi mo diyan?"

"Kasi naman kinakausap mo ang sarili mo. Masama 'yun, ha. Napapansin mo din ba 'yung iba nating kaopisina? Bigla na lang silang tumatawa nang malakas."

"'Oy, kami normal kami, ah. Ewan ko sa 'yo. At least, naa-appreciate namin 'yung comedy movies. Eh, ikaw? Kahit yata sobrang nakakatawa at nakakaiyak na 'yung ginagawa mong project, deadma ka lang. In short, walang reaction na makukuha mula sa 'yo."

"Hmm. Lagi mo pala akong napapansin, ha."

"'Ay, mali ka d'yan. Lahat kami napapansin ka. Dahil isa kang special child," she corrected. Sinimulan na nitong paandarin ang kanyang kotse.

"Sa lahat naman yata ng special child, ako pinakaguwapo." A small smile tugged at his lips.

"Pakihinaan nga 'yung air con, parang biglang lumakas ang hangin dito. I wonder why." Ipinaypay pa niya ang kanyang mga kamay sa sarili.

"Nagsasabi lang ako ng katotohanan. Dapat nga purihin mo ako kasi kanina pa kita pinupuri d'yan. Ang laki-laki na nga ng ulo mo."

"Nasa batas na ba ngayon na dapat sagutin mo rin ng compliment lahat ng namumuri sa 'yo? Saka hindi pa tayo masyadong close, kaya huwag kang mang-asar d'yan. Masama akong mapikon." Siya man ay nagpipigil lamang na ngumiti.

"Bakit, pa'no ka ba mapikon?"

"Nangangain ako ng tao."

"Sure." Mukhang mali ang interpretasyon nito sa sinabi niya dahil pilyo itong tumingin sa kanya.

"Hoy, hindi iyon ang ibig kong sabihin," depensa

ni Zoe.

"Bakit, ano ba'ng iniisip mong iniisip ko?"

"Basta 'yung iniisip mo, hindi 'yun ang iniisip ko. Dahil 'yung iniisip mo… ah, basta hindi iyon 'yun."

GAYA NOONG unang pumunta ito sa kanila, masayang tinanggap si Drake ng kanyang mga magulang, lalo na ng kanyang ama. After their dinner ay niyaya niya ito sa garden. Nakaupo sila sa favorite bench niya, dinesenyo talaga iyon ng ina para sa kanya. Dahil paborito niya ang cartoon character na si *Marvin the Martian*, ang ulo nito ang nasa upuan.

Mahabang katahimikan ang namagitan sa kanila. Walang nangahas na sirain ang sa palagay niya ay perfect moment.

Tila balisa si Drake dahil maya't maya ang kiskis nito sa mga palad. Bakit kaya noong ang kanyang ama ang kausap nito, parang enjoy na enjoy ito; pero ngayong siya na ay parang uncomfortable ito? Okay na sila kanina.

*Dagukan ko na kaya ang taong ito? Hay, ang hirap talaga nitong intindihin.*

"Is it okay if I court you?" walang prenong tanong ni Drake sabay harap sa kanya.

Muntik na siyang malalaglag mula sa kinauupuan.